# Naipon na Pagliban dahil sa Sakit (Sick Leave) at Ordinansa sa Pinakamababang Sahod
# 7 Mahahalagang Hakbang sa Matagumpay na Pagsunod

1. Epektibo mula Enero 1, 2024, magbigay ng pinakamababang sahod na hindi bababa sa $16.85 kada oras sa mga empleyadong nagtatrabaho sa loob ng heyograpikong mga hangganan ng Lungsod ng San Diego. Nalalapat ang antas ng bayad na ito sa lahat ng negosyo anuman ang laki ng negosyo.

2. Magbigay ng naipon na bakasyon dahil sa sakit (earned sick leave o ESL) sa pamamagitan ng pamamaraang pag-ipon (accrual method) (1 oras ng ESL para sa bawat 30 oras na trabaho) o pamamaraan na pagbibigay sa umpisa (front loading method) (hindi bababa sa 40 oras ng ESL ang iginagawad sa simula ng taon ng benepisyo).

3. Bigyan ang empleyado ng Abiso ng Tagapag-empleyo sa Empleyado (Employer to Employee Notice) na kinabibilangan ng mga kinakailangan ng Tagapag-empleyo ayon sa Ordinansa.

4. Magpaskil ng mga abiso tunkol sa naipon na bakasyon dahil sa sakit at pinakamababang sahod kung saan ito madaling makita at mabasa ng mga empleyado.

5. Panatilihin ang mga talaan ng mga ibinayad na sahod at kabuuang naipon at nagamit na bakasyon dahil sa sakit para sa isang panahon na hindi bababa sa tatlong taon.

6. Regular na bigyan ang mga empleyado ng mga rekord na nagdedetalye ng mga binayarang sahod at mga naipon at nagamit na bakasyon dahil sa sakit.

7. Pahintulutan ang mga empleyado na gumamit ng naipon na bakasyon dahil sa sakit (sick leave) para sa mga kadahilanang nakabalangkas sa Ordinansa kabilang ang para sa kanilang sariling pangangalagang medikal o para sa pangangalagang medikal ng isang miyembro ng pamilya.

<u>Pinakamababang pasahod</u>

Enero 1, 2024 $16.85

Enero 1, 2023 $16.30

Enero 1, 2022 $15.00

Enero 1, 2021 $14.00

**Para sa higit pang impormasyon makipag-ugnayan sa Programa sa Pinakamababang Sahod:**
**www.sandiego.gov/MinimumWage**
Telepono: (619) 615-1565, Email: **SDMinWage@sandiego.gov**